



Pagsusuri sa Bagong Silang at ang Inyong Sanggol: Ang malusog na simula ay umuuwi sa mas malusog na buhay

Ang maagang pagtuklas ay umuuwi sa maagang paggamot

Bilang isang bago o umaasang maging magulang, ang kalusugan ng iyong sanggol ay mahalaga sa iyo. Bagaman ang karamihan ng mga sanggol ay anyong malusog pagkapanganak, sila ay maaaring nanganganib na magkaroon ng mga seryosong problema sa kalusugan kung sila ay may sakit na hindi natuklasan at nagamot nang maaga. Upang matulungan ang iyong sanggol na magkaroon ng pinakamahusay na simula sa buhay, ang iyong bagong silang – at bawat ibang bagong silang sa Ontario – ay aalayan ng pagsusuri para sa hindi kukulangin sa 29 na magkakaibang sakit. Bagaman ang mga sakit na ito ay bihira, bilang isang grupo ang mga ito ay nakakaapekto sa mga 200 mula sa humigit-kumulang na 140,000 sanggol na isinisilang bawat taon sa Ontario. Ang hangarin ng pagsusuri ay maagang pagtuklas – upang ang paggamot ay masimulan nang maaga at ang mas mabuting kalusugan ay makamit.

Ang pagsusuri sa bagong silang ay hindi sapilitan. Ikaw ay may karapatang pumili o tumanggi sa pagsusuri sa bagong silang para sa iyong sanggol. Maaari mong hilingin na talakayin ang desisyong ito sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusuan. Ang pagsusuri sa bagong silang ay ang tanging paraan upang matuklasan ang mga sanggol na may mga ganitong sakit nang sapat ang aga upang mapigilan ang seryoso, pangmatagalang mga problemang pangkalusuan.

Isang maliit na iksamen, gumagawa ng malalaking pakinabang

Upang magampanan ang pagsusuri, ang isang maliit na sampol ng dugo ay kinukuha mula sa iyong sanggol. Ito ay karaniwang kinukuha sa pagitan ng 24-72 oras pagkapanganak sa pamamagitan ng pagtusok sa sakong at paglalagay ng dugo sa isang natatanging papel na kard. Dapat kang bigyan ng liham ng impormasyon na kabilang ang isang reference number sa tuktok. Ang numerong ito ay magagamit upang iugnay ang sampol ng iyong sanggol. Ang sampol ay ipadadala pagkatapos sa Newborn Screening Ontario (NSO) kung saan ito ay iniiksamen para sa 29 na bihirang sakit na kabilang ang:

- Mga sakit na metaboliko
- Mga sakit na endokrina
- Sickle Cell Disease (SCD)
- Cystic Fibrosis (CF)
- Severe Combined Immune Deficiency (SCID)

Ang buong listahan ng mga sakit ay makukuha sa website ng NSO sa www.newbornscreening.on.ca

Mga resulta ng pagsusuri: malaking panganib at maliit na panganib

Ipakita ng mga resulta ng pagsusuri kung ang iyong sanggol ay may mas malaki o mas maliit na panganib para sa mga sakit, pero ang mga ito ay hindi oo o hindi na mga iksamen (kilala rin bilang “diyagnostikong” mga pagsusuri). Kung ang iyong sanggol ay magkaroon ng mga sintomas ng isang sakit, ang doktor ng iyong sanggol ay dapat gumawa ng diyagnostikong iksamen. Gayon din, mahalagang tandaan na ang pagsusuri sa bagong silang at hindi sumusuri para sa lahat ng seryosong mga problemang medikal.

Ang isang negatibong resulta ng pagsusuri ay nangangahulugang ang panganib na ang iyong sanggol ay nagtataglay ng isa sa mga sakit ay napakaliit at walang kasunod na iksamen na kailangan. Higit sa 99% ng mga sanggol na sinuri ay magkakaroon ng negatibong resulta ng pagsusuri.

Ang isang positibong resulta ng pagsusuri ay nangangahulugang ang iyong sanggol ay may mas malaking panganib na magkaroon ng isa sa mga sakit at kailangan ng higit na iksamen. Hindi ito nangangahulugang ang iyong sanggol ay may sakit. Sa ganitong kaso, irerekomenda ng mga doktor ng Newborn Screening Ontario (NSO) ang iyong sanggol sa mga espesyalista para sa kasunod na iksamen. Tatawagan ka ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan (health care provider, (HCP) o isang espesyalista kung ang iyong sanggol ay may positibong resulta ng pagsusuri.

Maaaring ipabalik sa iyo ang iyong sanggol para sa pang-ulit na sampol sa pagsusuri. Ito ay mangyayari kung:

-Ang unang sampol ng iyong sanggol ay kinuha bago magkaedad ng 24 na oras

-Hindi sapat ang dugong kinuha

-Masama ang kalidad ng sampol

Tatawagan ka ng iyong ospital o komadrona kung kailangan ang isang pang-ulit na sampol. Mahalagang makuha ang pang-ulit na sampol sa pinakamaagang panahon na magagawa upang makuha ng iyong sanggol ang buong pakinabang ng pagsusuri ng bagong silang. Ang pangangailangan ng isang pang-ulit na sampol ay hindi nangangahulugang may isang bagay na mali sa iyong anak.

Ang mga resulta ay pupunta sa ospital o HCP na gumawa ng iksamen, sa pamamagitan ng koreo o paraang elektronikal sa pamamagitan ng Ontario Laboratories Information System (OLIS). Maaari ring makuha ng HCP ng iyong sanggol ang mga resulta sa pamamagitan ng OLIS. Ang NSO ay hindi naglalabas ng mga resulta nang tuwiran sa mga magulang/mga tagapag-alaga.

May matutuklasan bang ibang bagay ang pagsusuri para sa mga sakit na ito?

Kung minsan ang pagsusuri ay magpapakita na ang sanggol ay may sakit na iba sa 29 na inaasintang sakit. Kung may matuklasang katulad nito, tatalakayin ito sa iyo ng isang espesyalista.

Maaari ring matuklasan ng pagsusuri para sa Sickle Cell Disease kung ang iyong sanggol ay isang “carrier” (kilala rin bilang “trait”). Ang mga sanggol na mga carrier ay malusog at hindi nangangailangan ng anumang natatanging paggamot na medikal. Ang mga resulta ng pagiging carrier ay makukuha kung hihilingin. Ang impormasyon tungkol sa kung paano makukuha ang mga resulta ng pagiging carrier ng iyong sanggol ay nasa website ng NSO – o, itanong sa tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak.

Pagprotekta sa pagkapribado at pagkakompidensiyal ng iyong sanggol

Nakalaan ang NSO na panatilihin ang ligtas at kompidensiyal ang sampol ng dugo at impormasyon ng iyong anak, sumusunod sa mga tuntuning isinasaad ng batas tungkol sa pagtitipon at paggamit ng mga ito. Ang mga ito ay magagamit para sa pangangalagang pangkalusugan, pagsusuri, pagtiyak ng kalidad at pananaliksik. Ang personal na impormasyong pangkalusugan (personal health information, PHI) ay ibinabahagi sa pagitan ng mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na kalahok sa pagsusuri ng bagong silang at diyagnosis upang matiyak na ang iyong sanggol ay tumatanggap ng pangangalaga at pagsubaybay na kailangan niya. Ang PHI ay ibinabahagi rin sa OLIS. Kung ayaw mong ibahagi ang impormasyong ito, mangyaring ipagbigay-alam ang iyong mga nais sa iyong HCP at/o kontakin ang NSO.

Pagkatapos ng pagsusuri, ang sampol ng iyong sanggol ay itinatago sa isang protektadong pasilidad bilang bahagi ng rekord na medikal ng iyong sanggol. Ito ay itinatago ng 19 na taon at saka sinisira. Ang mga sampol ay itinatago upang ang mga ito ay magagamit upang matiyak na ang mga pagsusuri ay gumagana nang angkop. Mapapakinabangan ito ng iyong sanggol at ng lahat ng sanggol sa Ontario. Kung minsan ang sampol ng isang sanggol ay kailangan ng kanyang doktor sa hinaharap upang gumawa ng mga karagdagang iksamen. Ang pagtatago ng sampol ay nangangahulugang ito ay makukuha kapag kailangan. Sa ibang mga posibleng paggamit ng mga nakatagong sampol ay kabilang ang pag-iksamen ng ibang mga laboratoryo sa iyong kahilingan, ang pagbuo ng bago o pinabuting mga pag-iksamen ng NSO, mga paggamit kung saan ang karapatang pambatas o utos ng hukuman ay inisyu, at pananaliksik na inaprobahan ng isang lupon sa etika para sa pananaliksik. Sa pangkalahatan, ang impormasyon na maaaring mag-ugnay sa iyong sanggol sa sampol ng dugo ay maibabahagi lamang kung nagbigay ka ng nakasulat na pahintulot o kung ito ay iniaatas ng batas.

Kung pipiliin mo na huwag itago ang sampol ng iyong sanggol, maaari mong hingin sa NSO na sirain ang sampol o ibigay ito sa iyo. Para sa karagdagang impormasyon mangyaring kontakin ang NSO.

Para sa Karagdagang Impormasyon

Kung may mga katanungan ka tungkol sa pagsusuri sa bagong silang sa Ontario, mangyaring kausapin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan o kontakin ang *Newborn Screening Ontario* nang tuwiran.

Website

www.newbornscreening.on.ca

Telepono

Walang Bayad: 1-877-NBS-8330

(1-877-627-8330)

8:00 AM - 16:00 PM

Email

NewbornScreening@cheo.on.ca

Koreo

Newborn Screening Ontario
Children's Hospital of Eastern Ontario
415 Smyth Road
Ottawa, Ontario K1H 8M8

Twitter

@NBS_Ontario